Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata





# Si Noe At Ang Malaking Baha

Isinulat ni: Edward Hughes


Inilarawan nila: Byron Unger at Lazarus at Alastair Paterson

Ibinagay nila: M. Maillot at Tammy S.


Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2020 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.


Si Noe ay isang taong sumasamba sa Diyos. Ang lahat ay galit at suwail sa Diyos.

Isang araw, nagsabi ang Diyos ng isang bagay na nakakasindak.




"Sisirain ko ang mga masasama sa mundo," sinabi Niya ito kay Noe.
"Ang iyong pamilya lamang ang maliligtas."


Sinabi ng Diyos kay Noe na magkakaroon ng malaking baha na babalot sa mundo.


"Gumawa ka ng malaking barko na yari sa kahoy, kung saan kasya ang iyong pamilya at ang mga maraming hayop."

Nagbigay ang Diyos ng mismong sukat, kaya't kumilos kaagad si Noe!




Marahil kinutya
si Noe ng
mga tao
habang
siya ay
nagpaliwanag
kung bakit siya
gumagawa
ng barko.



Ngunit siya ay nagpatuloy at sinabi sa mga tao ang tungkol sa Diyos. Walang nakinig sa kanya.




Malaki ang tiwala ni Noe sa Diyos. Naniwala siya sa Diyos kahit na hindi pa naulan ng kahit kailan.



Nang natapos na ang barko, handa na itong lagyan ng mga pangangailangan.

At dumating na ang mga hayop.



Dinala ng Diyos ang pitong pares sa bawat uri ng hayop, at dalawang pares sa ibang uri.




Mga malalaki at maliliit na ibon at hayop ay pumasok na sa barko.




Marahil kinutya ulit si
Noe ng mga tao habang
pinapasok niya ang
mga hayop sa
barko.



Hindi sila huminto ng kanilang masasamang gawain.  Hindi sila nagtanong kung maari kayang makapasok sa barko.






Ngayon, lahat ng mga hayop at mga ibon ay nasa barko na. “Pumasok na kayo sa barko,” inanyayahan ng Diyos si Noe.


“Kayo
at ang iyong
sambahayan.”


Si Noe, ang kanyang asawa,
ang tatlong anak na lalaki at ang kanilang mga asawa ay nagsipasok na sa barko.


At sinara
ng Diyos
ang pintuan!



Dumating na ang ulan. Apatnapung araw na bumuhos ang malakas na ulan.



Bumaha sa lahat ng mga lungsod at mga nayon.



Nang huminto ang ulan, ang mga kabundukan ay inapawan ng baha.



Ang lahat ng may hininga ay namatay.



Lumalim ang
baha hanggang sa
lumutang ang barko.
Marahil sa loob ng
barko ay madilim,
matagtag, at
nakakatakot.
Ngunit ang barko
ang silong ni Noe.




Nang matapos ang limang buwan ng pagbaha, nagpadala ang Diyos ng tuyong hangin.

Sumadsad ang barko sa Bundok ng Ararat.




Ngunit nanatili si Noe sa loob ng 40 araw habang ang baha ay unti-unting humulaw.

Pinalabas ni Noe ang isang uwak at isang kalapati sa bukas na bintana ng barko.  Hindi nakakita ng tuyong lupa ang kalapati kaya't ito ay bumalik sa barko.



Nang dumaan
ang isang linggo,
pinalabas muli ni
Noe ang kalapati.
Bumalik ang kalapati
na may dalang dahon
ng olibo sa kanyang tuka.



At sa sumunod na linggo, alam na ni Noe na ang lupa ay tuyo na sapagkat umalis ang kalapati at hindi na bumalik.


Sinabi ng Diyos na panahon
na upang ang lahat ay
lumabas ng
barko.

Kaya't ang lahat, si Noe at ang kanyang pamilya at ang mga hayop, ay lumabas na sa barko.



Malaki ang pasasalamat ni Noe.



Gumawa siya ng altar at nagsamba sa Diyos na nagligtas ...



... sa kanya at kanyang pamilya sa malaking baha.



Ang Diyos ay nagbigay ng magandang pangako kay Noe.



Hindi na muling babaha sa mundo upang parusahan ang makasalanan. Ang bahaghari ang tanda ng pangako ng Diyos.

Si Noe at kanyang pamilya ay nakahanap muli ng bagong pamumuhay pagkatapos



ng malaking baha.



Sa takdang panahon, ang mga anak ni Noe at kanyang mga apo ay dumami at maraming tao muli sa mundo.


Ang lahat
ng lahi sa mundo
ay galing kay Noe at
sa kanyang mga
anak.

# Si Noe At Ang Malaking Baha

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Genesis 6-10

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

# Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus.
Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16